Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-16 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-17 NG OKTUBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Christopher Aron C. Del Rosario |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Rchie E. San Jose |
| | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY DUMALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 48 - 2022

**KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGPAPATIBAY SA PAGTATALAGA NG PUNONG BAYAN, IGG. VERGEL C. MENESES, KAY DRA. MA. ELISA V. VILLANUEVA BILANG MUNICIPAL HEALTH OFFICER NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN, MAY SALARY GRADE 24 AT SA ESTADONG PERMANENT.**

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges, Accreditation and Accountability, Legal Matters
Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio, Igg. Marbin J. Garcia

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Punong Bayan ay nagsumite ng liham na may petsang Oktubre 3, 2022 na humihiling ng Kapasiyahang Bayan na nagpapatibay sa pagtatalaga kay Dra. Ma. Elisa V. Villanueva bilang Municipal Health Officer. Alinsunod sa Section 443 ng Local Government Code – Section D: "Unless otherwise provided herein, heads of departments and offices shall be appointed by the Municipal Mayor with the concurrence of the majority of all the Sangguniang Bayan members, subject to civil service law, rules and regulations. The Sangguniang Bayan shall act on the appointment within fifteen (15) days from the date of its submission; otherwise, the same shall be deemed confirmed";

**SAPAGKAT,** base sa isinagawang pagpupulong ng Lupon ng *Rules, Ethics and Privileges, Accreditation, Ethics and Accountability, Legal Matters* sa pangunguna ni Igg. Atty Ana Marie V. Pagsibigan noong ika-13 ng Okubre 2022 ay napag-alaman na si Dra. Ma. Elisa V. Villanueva ay nakatutugon sa mga kwalipikasyong hinihingi ng nabanggit na posisyon na naaayon sa alituntunin ng batas at regulasyong ipinatutupad ng Komisyon ng Serbiyo Sibil, siya ay may malawak nang karanasan sa larangan ng medisina o pang gagamot at matagal na rin naglilingkod sa Pamahalaang Bayan ng Bulakan;

**SAPAGKAT,** ang nabanggit na pagsang-ayon ay binigyan ng sertipikasyon ng *Local Finance Committee* na mayroong sapat at nakalaang pondo para sa nabanggit na posisyong gagampanan;

**SAPAGKAT,** ang nasabing posisyon ay dumaan sa *posting and publication* alinsunod sa *Republic Act 7041 at Civil Service Commission Memorandum Circular 27, Series of 1991* at sa kasalukuyan ay walang ibang aplikante sa naturang posisyon;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Pagtibayin Ang Pagtatalaga Ni Igg. Vergel C. Meneses, Punong Bayan, Kay Dra. Ma. Elisa V. Villanueva Bilang *Municipal Health Officer* Ng Pamahalaang Bayan, May *Salary Grade 24* At Sa Estadong *Permanent*.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
10-25-22

JEFF C. TANSINSIN
SANGGUNIANG BAYAN SECRETARY